

WARM-UP

- Ikuwento kung ano ang isang bagay na binili mo kamakailan lang na para sa iyo ay mas mataas ang halaga kaysa sa ibinayad mo. Bakit mo ito naisip?
- Ano ang isa sa mga laro na gustong-gusto mong nilalaro noong bata ka? Bakit mo ito nagustuhan?
- Sino ang isang ama o tumatayong ama na hinahangaan mo? Bakit ka humahanga sa kanya?

WORD *⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan ⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos. ⁶At dahil mga anak na tayo ngayon ng Diyos, isinugo ng Diyos ang Espiritu ng kanyang Anak sa ating puso, kaya makakatawag na tayo sa kanya ng "Ama."* **MGA TAGA-GALACIA 4:4-6**

Ang buhay na mayroon tayo kay Cristo ay hindi lamang nagtataglay ng kaligtasan at kapatawaran ng kasalanan. Dumating Siya upang ampunin tayo bilang mga anak. Dahil sa Kanya, tayo ay bahagi na ng pamilya ng Diyos. Ito ang dinala Niyang pag-asa nang dumating Siya sa mundo noong unang Pasko. Ipinaliwanag ni Apostol Pablo na ang pagtubos sa atin ay umpisa lamang, at sa huli ay ibabalik tayo ng Diyos sa Kanyang kaharian bilang Kanyang mga anak. Ano ang ibig sabihin nito para sa atin?

1 | Tayo ay inampon at napabilang sa pamilya ng Diyos.

⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan ⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos. **MGA TAGA-GALACIA 4:4,5**

Noong panahon ni Pablo, ang pag-ampon ay nangangahulugan na ang isang tao ay mapapabilang sa isang pamilya, maituturing at mabibigyan ng mga karapatan na gaya ng isang tunay na anak. Magkapantay ang magiging turing sa inampon at sa mga tunay na anak. Tayo ay tinubos ni Jesus sa kaukulang halaga, inampon, at naging kabilang ng isang bagong pamilya bilang mga anak. Hindi natin pinaghirapan ang ating bagong posisyon sa pamilya ng Diyos. Ang pag-ampon sa atin ay isang bagay na ibinigay sa atin ng walang kapalit. Ano ang sinasabi ng 1 Juan 3:1 tungkol sa pagmamahal ng Diyos?

2 | Matatawag natin ang Diyos na Ama.

At dahil mga anak na tayo ngayon ng Diyos, isinugo ng Diyos ang Espiritu ng kanyang Anak sa ating puso, kaya makakatawag na tayo sa kanya ng "Ama." **MGA TAGA-GALACIA 4:6**

Ang pinakamahalagang bahagi ng pag-ampon sa atin ay ang katotohanan na mayroon tayong bagong relasyon sa Diyos. Tayo ay mga kaaway Niya dahil sa kasalanan, ngunit dahil dumating si Jesus, tayo ngayon ay naging Kanyang mga anak at magagawa nating makipag-ugnayan sa Kanya bilang ating Ama. Sa katunayan, sinasabi sa Bibliya na maaari nating tawagin ang Diyos na "Ama." Ito ay isang tawag na nagpapakita ng malapit na relasyon sa pagitan ng isang ama at ng kanyang anak. Ito ang relasyon na mayroon si Jesus at ang Diyos, at maaari na rin tayong magkaroon ng ganitong relasyon sa Kanya. Mayroon tayong Ama na totoo, kasama natin, at personal na nakikipag-ugnayan sa atin, at tayo ay sa Kanya. Paano ipinaranas sa iyo ng Diyos na Siya ay Ama mo?

APPLICATION

- Ikaw ay anak ng Diyos. Paano naapektuhan ng kaalamang ito ang pakikipag-ugnayan mo sa Kanya? Ano ang isang bagay na magagawa mo ngayong linggo upang mas mapalalim pa ang ugnayan mo sa Kanya bilang iyong Ama?
- Pag-isipan ang Mga Salmo 139:13–18 ngayong linggo. Ano ang magbabago sa buhay mo ngayong alam mo na ikaw ay anak ng Diyos at na pinangangalagaan ka Niya?
- Paano naapektuhan ng kaalaman na tayo ay mga anak ng Diyos ang pakikipag-ugnayan mo sa ibang tao? Ngayong linggo, tulungan ang isang tao upang malaman niya at magawa niyang maniwala na siya ay may lugar sa pamilya ng Diyos.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang tubusin tayo at ampunin sa Kanyang pamilya. Pasalamatan Siya dahil ang lahat ng ito ay sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at hindi natin kailanman magagawang paghirapan o maiwala ang ating katayuan bilang mga anak Niya.
- Hingin sa Diyos na laging ipaalala sa iyo na ikaw ay pinakamamahal Niyang anak at na ikaw ay kabilang sa Kanyang pamilya. Ipanalangin na maging buo ang tiwala mo sa pagkakakilanlan mo sa Diyos.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos ngayong Kapaskuhan upang matulungan ang iba na malaman ang pagkakakilanlan nila bilang nga anak na napabilang sa pamilya ng Diyos.

